

Salvador France personifies Manila Bay to parents, both protective and nurturing to their children who seek comfort and heal the weary heart as manifested by the warm wind that embraces them.

Dear Manila Bay,

Ikaw ay masarap balik-balikan, puntahan. Ikaw ay naging parte na ng aming pamumuhay araw-araw. Para kang isang magulang na nagpoproteksyon sa amin sa tuwing napupuntahan ka namin. Ikaw ang kumakalinga sa tuwing tayo ay magkasama; isang magulang na kahit sinong pupunta sa iyo ay komportableng pinadadama mo sa amin ang iyong pagmamahal sa pamamagitan ng hanging yumayapos sa amin.

Sa iyo kami nagkakaroon ng magagandang memories, with family bondings, friends and relatives. Sa iyo rin kami nagkakaroon ng maaliwalas na kaisipan, na malayang nakakapag-isip ng mga positive thoughts sa buhay. Ikaw yung magulang na sumusuporta sa aming pagkabuhayan, ng bawat mamamayang mangingisda. Mahal ka namin, Manila Bay.

Kung limang taon mula ngayon, na patuloy ka nilang sinisira. .
. paano na ang iyong mga anak na magugutom at naghihirap sa buhay na mga mangingisda. Kaya ang tanging maitutulong ko sa iyo. . . ang ipaglaban ang iyong karapatan, Manila Bay.

Manila Bay, ikaw ang syang nagbigay sa akin ng lakas upang patuloy na mag-organisa sa dalampasigan dahil kailangan mo ng kakampi at kapamilya sa tuwing ikaw ay sinisira at sinisira ang iyong likas na yaman. Sa patuloy na paghigop sa iyong buhangin ay narito ako, karamay mo upang ipatigil ang mga proyektong ito.

Salvador France

